# Ahas

PERRY C. MANGILAYA

*Nanganak ng ahas ang asawa mo, Rodel.* Ito ang balitang nakarating kay Rodel na sa una, naisip niyang nagbibiro lamang ang kanyang biyenang babae. Kalokohan, naisip pa niya. Ano ba ang nangyari sa kanyang biyenan at naisipan nitong magbiro, gayong hindi naman ito palabiro. Pero sa tono ng boses nito nang tumawag sa kanya, halatang hindi ito nagbibiro.

Dahil sa balitang iyon, napauwi siya nang wala sa oras sa kanilang lalawigan sa Visayas, sa isang maunlad na bayan, at sa isang barangay na hindi pahuhuli sa pag-iral ng makabagong teknolohiya. Hindi na niya sinabi sa kanyang *engineer*, maging sa kanyang *foreman* at kapuwa kasamahan sa konstruksiyon ang tunay na dahilan nang biglaan niyang pag-uwi. Basta ang sabi lang niya, *emergency*. At kailangang-kailangan niyang umuwi.

Pero ang ipinagtataka ni Rodel, kung nanganak ng ahas ang kanyang asawa, kung talagang nangyayari iyon, malamang nabuntis ito. At paanong nabuntis ang kanyang asawa gayong mahigit sampung buwan na siyang nakadestino sa Maynila bilang *construction worker*. At iyon nga, matatapos na nila ang kanilang proyekto. Plano niyang bago magsimula sa bago nilang proyekto, uuwi muna siya. Susulitin niya ang matagal na buwang wala sa piling ng kanyang asawa. Tutal naman, dahil sa madalas niyang pag-o-*overtime*, kahit paano, may naitabi naman siya. Bukod sa pagpapadala niya kada buwan sa kanyang asawa. Pero heto at napaaga ang kanyang pag-uwi.

Ayon pa sa kanyang biyenan. Sa pag-uwi na lang niya ikukuwento ang buong detalye kung bakit nanganak ng ahas kanyang asawa. At maging siya man daw, maaaring hindi maniniwala sa sinapit nito. Pero ang albularyo, na nagpalabas ng ahas mula sa sinapupunan ng kanyang asawa, ang makapagpapatunay sa pangyayari. Bilang ebidensiya, nakunan pa ng litrato ng kanyang biyenan ang ahas na ipinanganak ng kanyang asawa. Kulay itim daw na ahas, gabraso ng bata ang laki pero patay na nang lumabas.

Pero bakit albularyo ang nagpaanak sa kanyang asawa? Ang isa pang katanungang gumugulo sa isipan ni Rodel. Bakit hindi ang nag-iisang kumadrona sa kanilang baryo?

Mabilis na kumalat sa kanilang nayon ang pangyayaring iyon. Bagay na hindi naman ipinagtataka ni Rodel. Ganoon naman sa kanilang nayon, kapag may nangyari, kay bilis kumalat ang balita. Pasa-pasa hanggang pati sa kabilang baryo, nakakarating. Dagdag pa ang mabilis na pagkalat dahil sa *social media*. May hindi raw naniniwala, mayroong namang naniniwala. Sari-saring opinyon. Iba't ibang haka-haka. Kani-kaniyang espekulasyon.

Pero kay Rodel, tanging ang asawa lamang niya ang kanyang paniniwalaan. Ito lang ang makapagsasabi ng tunay na nangyari. Dahil asawa niya ito, imposibleng magsisinungaling ito sa kanya.

Pababa pa lang si Rodel sa traysikel, sakbat ang napsak ay pinagtitinginan siya ng mga taong tumatambay sa kalsada. Nahiwagaan siya sa mga kilos at tingin ng mga ito. May ngumingiti. May hilaw na bumabati. Wala lang, basta lang makabati. Pero sa kanyang pagtalikod, tila bumubuntot pa sa kanyang pandinig ang hindi mawawaang bulungan ng mga iyon.

Awa ang nadama ni Rodel sa kanyang asawa nang datnan niya itong matamlay, nakaupo sa mahabang bangkong kawayan sa tabi ng nakabukas na bintana. Sinulyapan lang siya nito. Walang mainit na pabati o pagsalubong, ni halik, wala. Bagay na ipinagtaka niya. Kadalasan kasi, masigla itong sumasalubong sa kanya kapag alam nitong pauwi na siya. Sa kalsada pa lang, inaabangan na ang kanyang pagdating. Pero sa kabilang banda, naunawaan niya ang kanyang asawa. Marahil, hindi pa ito nakakabawi sa pangyayari. At kung paano ang isang tao, manganganak ng isang ahas.

"'Musta na ang pakiramdam mo?" bati niya. Saka lamang tumingin ito nang tuwid sa kanya.

"Okey naman na." Halata ang panghihina sa tinig ng kanyang asawa. Marahil, hindi pa rin ito nakabawi sa *trauma* na inabot kaya matamlay ito.

Kung tutuusin, nananabik na nga rin siya sa kanyang pag-uwi. Para sa kanya, ang mahigit sampung buwan pagkawalay niya sa kanyang asawa ay katumbas ng maraming taon. Kung ang kanyang asawa ang masusunod, ayaw nitong magtrabaho siya sa malayo. Gustong-gusto na kasi nitong makabuo na sila ng anak. Siguro, dahil ito na lamang ang walang anak sa apat na magkakapatid. Ang tatlong nakakatandang kapatid ng kanyang asawa, may tigtatatlong anak na. Dagdag pa siguro ang pag-aalala ng kanyang asawa dahil

sa loob ng limang taon nilang pagsasama, hindi pa kasi sila nabibiyaan ng anak. At sabi nga ng kanyang asawa, tumatanda na sila.

"Kung dito ka na lang kaya maghanap ng trabaho," naalala pa niyang pakiusap ng kanyang asawa. "Ang hirap naman kasing nag-iisa rito."

"And'yan naman si Inay, a." Ang mga biyenan niya ang kanyang tinutukoy. Dahil ang biyenan niyang lalaki, malaon nang namatay. "Kasama mo naman s'ya."

Hindi kumibo ang kanyang asawa.

"Sayang naman kasi ang pagkakataon," patuloy niya. "Malaking proyekto ang nakuha ni *engineer*, tuloy-tuloy ang trabaho, makakaipon tayo at makapagpatayo ng sarili nating bahay. Hindi 'tong nakikitira lang tayo sa nanay mo. Kung dito lang, paputol-putol ng trabaho. Mas madalas pang wala."

Tahimik pa rin ang kanyang asawa.

"Para pag magkaanak na tayo, me sarili na tayong bahay."

"Pa'no nga tayo magkakaanak kung nasa malayo ka lagi?"

"Sayang kasi ang pagkakataon," giit niya. "Makakabuo pa tayo n'yan. 'Yong iba nga, nasa *forty* na, nagkakaanak pa. At saka ayaw mo no'n, makakaipon pa tayo."

Muli, hindi kumibo ang kanyang asawa.

Hanggang sa araw ng kanyang pag-alis, dama niyang masama ang loob nito.

Ang isang bagay pa na bago kay Rodel sa kanyang pag-uwi, ang kanyang mga kapitbahay. Nahihiwagaan siya sa pakikitungo ng mga ito sa kanya. Kung dati, masayang binabati siya ng mga ito. Ngayon, nahalata niyang kaiba ang ikinikilos ng mga ito.

Maging ang kumpare niyang si Tony, nang madaanan niya ito sa bakuran ng bahay nito, bagama't lumapit at binati naman siya, nahalata niyang parang naging iba ang pagbati nito. Simpleng kumustahan lang, kaunting kuwentuhan, wala ang init tulad ng dati tuwing umuuwi siya.

Siguro nga, dahil sa panganganak ng ahas ng kanyang asawa. Tulad niya, napapaisip din marahil ang mga ito kung paanong nabuhay sa sinapupunan ng kanyang asawa ang isang ahas. At kung paano ito nabuo roon. Kung paano niya ito natanggap. Kung sadyang kay hirap paniwalaan na nanganak ng ahas

ang kanyang asawa, may mahirap ding paniwalaan na sinipingan ng ahas ang kanyang asawa.

Nasagot ang mga katanungang iyon ayon na rin sa kuwento ng kanyang asawa.

"Naengkanto ka?" kandidilat siya. "Ano raw ang nakita ni Lolo Onyong?" Ang nag-iisang matanda at kilalang albularyo ang tinutukoy niya, na kamag-anak din ng kanyang asawa. Kilala ito, hindi lamang sa kanilang baryo, kundi maging sa buong bayan nila dahil sa husay manggamot. Sabi nga, takbuhan kapag hindi kayang gamutin ng doktor ang isang maysakit.

"Ang ahas na napatay ko raw ay alaga ng isang engkanto."

"Ano ba ang nangyari?"

"Nagwawalis kasi ako ng mga sukal do'n sa may lilim ng puno ng sampalok d'yan sa likuran natin, nang biglang may nalaglag na ahas, kulay itim."

"Anong ginawa mo?"

"Hinampas ko nang hinampas ng kahoy hanggang sa mamatay."

"Tapos."

"Kinagabihan, namilipit ako sa sakit ng t'yan. Kaya pinatawag ko si Lolo Onyong ke Inay. Ayon, naengkanto nga raw ako."

"Tumigil naman ang sakit ng t'yan mo?"

"Oo," tango ng kanyang asawa. "Pero habang lumilipas ang mga linggo hanggang sa inabot ng buwan napansin kong me pagbabago sa 'kin. Hinala ko, buntis ako. Kasi hindi na rin ako dinatnan."

"Hindi ka nagpatingin sa doktor?"

"Nagpatingin," napasulyap pa ito sa kanya. "Inultrasound nga ako. At buntis nga daw ako. Kasi sa *result* ng *ultrasound*, me pintig."

Matagal niyang tinitigan ang kanyang asawa.

Pa'no ka mabuntis, e sa Maynila ako, ibig niyang isumbat sa asawa, pero mas pinili niyang magpakahinahon. Naisip niya, hindi tamang sumbatan niya ang kanyang asawa, o ang akusahan lalo na sa ganitong sitwasyon. Pang-unawa ang higit na kailangan nito mula sa kanya at hindi kung anupaman.

"S'yempre hindi ako naniwala," putol ng kanyang asawa sa pananahimik niya. "Pati si Nanay, nagtataka rin kung pa'nong nangyari 'yon. Kaya sabi n'ya, magpatawas daw uli ako kay Lolo Onyong."

Kinikilabutan si Rodel habang pinakikinggan ang kuwento ng kanyang asawa. Na ayon nga kay Lolo Onyong, totoong buntis nga ang kanyang asawa. Pero hindi tao ang ipinagbubuntis nito, kundi ahas. At ang nakikita ng doktor sa *ultrasound*, pintig daw iyon ng isang ahas. Malinaw na pati ang doktor, nalinlang ng engkanto. Ganoon daw katindi ang kapangyarihang taglay ng engkanto.

Kaya sa oras ding iyon, gumawa ng hakbang ang albularyo para mailabas agad ang ahas sa sinapupunan ng kanyang asawa. Hindi raw dapat hayaang lumaki pa ang ahas sa loob ng sinapupunan, dahil mauuwi raw ito sa kamatayan ng kanyang asawa. Iyon daw ang sumpa ng engkanto. Bilang kapalit sa namatay o pinatay na alagang ahas ng engkanto. Lalabas na buhay ang ahas, pero kapalit ng kamatayan ng kanyang asawa.

Sa mahiwaga at makapangyarihang orasyon ng albularyo, na tanging ito lamang ang nakakaalam, at kasabay ng ritwal ng paghampas-hampas ng mga dahon-dahon, pagsusuob o pagpapausok mula sa baga na nilagyan ng kamanyang sa buong katawan ni Adela, napalayas daw ng albularyo ang engkantong lumulukob sa pagkatao sa kanyang asawa at matagumpay na nailabas ang ahas sa sinapupunan nito. Kusa na lang daw itong lumabas. At mapalad pa raw, patay ang ahas nang lumabas.

Maging si Lolo Onyong, kinikilabutan sa pangyayari. Kahit hindi na rin naman ito bago rito. Hindi rin makapaniwala ang kanyang biyenan na naging saksi sa pangyayari. Pero nariyan daw ang ebidensiya, kitang-kita raw ng mga ito ang paglabas ng ahas.

Saka siya naliwanagan kung bakit hindi ang kumadrona ang nagpaanak sa kanyang asawa, at kung bakit ganoon kaaga ito nanganak.

Agad din daw inilibing ang ahas na iyon sa may lilim ng punong sampalok. Sa pag-asang hindi na gagantihan ng engkanto ang kanyang asawa. Kasabay pa ng mga mahiwagang orasyon at ritwal, hindi na nga ginambala ng engkanto ang kanyang asawa. Pero si Lolo Onyong ang binalingan ng engkanto. Halos inaapoy ng lagnat at nagdidiliryo si Lolo Onyong nang sumunod na gabi. Kung hindi nga lang daw magaling sa orasyon si Lolo Onyong laban sa mga engkanto, baka ito raw ang namatay. Malaki raw ang naging galit ng engkanto kay Lolo Onyong dahil sa pangingialam nito sa ipinagbubuntis ng kanyang asawa.

"Nasa'n ba ang litrato?" ungkat niya.

Dinukot ng kanyang asawa ang selpon nito sa bulsa ng suot na duster.

Nagulumihanan si Rodel habang pinagmamasdan ang itsura ng ahas. Kulay itim nga ito. Duguan pa ang ahas na nasa mismong paanan pa ng kanyang nakahigang nakabukakang asawa. Kalalabas pa lang daw iyon. Na ayon pa sa albularyo, sa sinapupunan pa lang daw ay namatay na ang ahas dahil sa bisa ng orasyon at ritwal na ginawa nito.

"Hindi kaya masamang pangitain 'to?" puno ng pag-aalalang baling niya sa asawa. "Hindi kaya daranas ng kamalasan ang ating pamilya, o ang ating baryo o bayan? Naririnig ko kasi no'n sa mga matatanda kapag ganitong me kakaibang nangyayari."

"Sabi-sabi lang naman 'yon," kibit-balikat ng kanyang asawa.

Hindi siya kumibo. Muling sinipat ang itsura ng ahas.

"Ahas ba talaga 'to?" baling niya uli sa asawa.

"Oo," kaswal na sabi nito.

"Mukhang palos ang itsura, a."

"Gano'n nga din ang sabi ng mga nakakita. Pero sabi ni Lolo Onyong, ganyan daw kasi ang mga alagang ahas ng mga engkanto. At mabagsik na uri ng ahas daw 'yan, makamandag."

Napatango-tango siya habang nakatingin sa litrato.

"'Yong sinabi mong *ultrasound*, nasa'n?" naitanong niya.

"Naitapon ko."

"Bakit?"

"Ano pang silbi no'n."

"Kakausapin ko na lang ang doktor na nag-*ultrasound* sa 'yo."

"H'wag na." Nagulat pa siya sa biglang pagtaas ng boses ng kanyang asawa.

"Me problema ba?"

"E, kasi nga mali naman ang *ultrasound* n'ya." Napansin siguro ang kanyang pagkagulat, naging mahinahon kaagad ang kanyang asawa. "Ayan, kitang-kita ang ebidens'ya. Na totoong naengkanto ako."

Muli niyang sinipat ang litrato sa selpon. Hawak-hawak na niya ang ebidensiya na nagpapatunay na naengkanto ang kanyang asawa. Isang bagay na nagpatibay sa kanyang paniniwalang totoong may engkanto. Dahil ang totoo'y matagal na siyang naniniwala sa engkanto. Kahit siya man, nakaranas

na maengkanto. Naroong paglalaruan siya, lalo na sa gabi kapag umuuwi siya. Na kahit anong lakad niya, hindi niya mararating ang kanilang bahay. Paikot-ikot lamang siya, ni hindi lumalayo. Kung ano ang kanyang pinanggalingan, iyon din ang kanyang napupuntahan. Salamat sa payo ng albularyong si Lolo Onyong, na sinumang makakaranas ng ganoon, kakain lang daw ng kaunting putik at babaliktarin ang suot na damit, makakauwi ka na.

Hindi lamang iyon ang kanyang naranasan, minsang natutulog siya sa bahay isang gabi, nagising na lamang siya kinaumagahan na natutulog sa lilim ng malaking puno ng sampalok sa kanilang likod-bahay. Na ayon sa albularyo, napaglaruan daw siya ng mga engkanto. Maaaring sa kahimbingan ng kanyang tulog, binuksan daw ng engkanto ang bintana at binuhat siya at inilagay sa may puno ng sampalok. Ganoon daw kasi ang mga engkanto kapag kinatuwaan ang isang tao. Pinaglalaruan, pero wala namang balak saktan.

Pero noon iyon, naisaloob niya. Noong hindi pa umiiral ang makabagong teknolohiya. Pero sa panahon ngayon ng *social media*, nangyayari pa ba ang ganoon? Siguro nga, naisip niya. Dahil ang kanyang asawa at ang magaling na albularyo na ang nagpapatunay, dagdag pa ang kanyang biyenan.

Kinahapunan, nagpasiya si Rodel na bumisita kay Lolo Onyong. Marami siyang gustong maliwanagan at masagot na mga tanong. Dahil albularyo ito, naniniwala siyang higit na makapagbigay ito ng linaw sa kanya sa nangyari sa kanyang asawa.

"Sandali lang," hinawakan pa siya sa kamay ng asawa nang akma siyang bababa ng hagdanan.

"Bakit?" baling niya.

"Baka me marinig ka kung ano-anong tsismis sa mga kapitbahay natin, h'wag kang maniniwala sa mga 'yon."

Napatingin siya sa kanyang asawa, matagal.

"Tsismis?" Napakunot noo siya. "Anong tsismis?"

"Basta." Pumiksi pa ang kanyang asawa. "Ang paniwalaan natin ay si Lolo Onyong. S'ya ang albularyo, s'ya ang higit na nakakaalam sa mga kababalaghang nangyayari."

Tumango-tango siya. Pero habang naglalakad, hindi mapaknit sa kanyang isipan ang sinabi ng kanyang asawa. At anong tsismis? naitanong niya. Kung tutuusin, hindi na kailangang sabihin iyon ng kanyang asawa. Dahil siya ang

taong hindi naniniwala sa mga tsismis. Walang katotohahan ang tsismis, kaya nga tsismis. Pawang mga paninira lamang ang lahat ng mga tsismis. Sabi nga, ang taong naniniwala sa tsismis ay walang tiwala sa sarili.

At malaki ang tiwala niya sa kanyang sarili.

Pero bakit ganoon na lamang ang pagpapaalaala sa kanya ng asawa?

Habang naglalakad siya, naroon uli ang ilan nilang kapitbahay habang nakatingin sa kanya. May kung ano siyang nababakas sa mga bukas ng mukha at titig ng mga ito. Pero bakit nga ba niya bibigyan iyon ng ibang kahulugan. Natural lamang na ganoon ang reaksiyon ng mga ito dahil siya ang asawa ng babaeng nanganak ng ahas. Marahil, marami rin sigurong katanungan ang mga ito. Kung ano ba ang nararamdaman niya sa mga oras na iyon. Kung paano niya natanggap ang pangyayari.

Sa simpleng bahay-kubo, mag-isang naratnan ni Rodel si Lolo Onyong. Napatayo pa ito nang dumating siya. Na tila inaasahan ang kanyang pagdating. Sabay silang umupo pagkatapos niyang magmano.

"Naik'wento na sa 'kin ang lahat ni Adela, 'Lo," simula niya. "Pero parang hindi pa rin ako makapaniwala."

"Hindi ka naniniwala sa asawa mo?"

"Naniniwala. Ang ibig kong sabihin, sa mga nangyayari."

"Sa totoo lang, hindi na bago 'yon. Marami na akong nagamot na naengkanto. Marami na akong natawas na nabuntis ng engkanto. Naalala mo ba ang nangyari no'n kay Minda, 'yong me anak na lalaking anak-araw kung tawagin?"

"Oo," tango niya.

"Isipin mo, pa'nong nabuntis 'yon, e wala namang asawa 'yon. Ni manliligaw nga, wala. At tingnan mo ang anak, kakaiba. Kakaiba ang kaputian, na kapag pinisil mo, namumula. At higit sa lahat, nasisilaw kapag araw. Gano'n ang mga engkanto."

Nananatiling nakapako ang kanyang tingin kay Lolo Onyong.

"At hindi nga ako nagkamali sa pagtawas ko sa kanya no'n," patuloy ni Lolo Onyong. "Na sa pagsapit ng ikadalawampu't isang taon ng kanyang anak, mamamatay 'yon. Kukunin na ng amang engkanto."

Tumango-tango siya.

"At akala mo ba, totoong anak nga ni Minda ang nakahimlay sa kabaong no'n? Hindi. Tiniba na puno ng saging lamang 'yon. Dahil sa kapangyarihan

ng engkanto, nagawa nilang linlangin ang paningin ng mga tao. Pero ang totoo, nakuha na ng amang engkanto ang anak ni Minda. Nando'n na sa kaharian ng mga engkanto. Buhay na buhay."

Naalala ni Rodel, kumalat din iyon sa kanilang baryo noon, na umabot pa sa buong bayan. Naging laman ng mga huntahan ng mga nag-uumpukan. Katulad marahil sa nangyari sa kanyang asawa ngayon. Na marahil, sa bawat sulok ng umpukan, sentro ng usapan ang kanyang asawa.

Nakumpirma niya, at kumbinsido siyang naengkanto nga ang kanyang asawa. Batay sa mga naging karanasan niya, at maging sa kuwento ni Lolo Onyong.

Nag-aagaw na ang dilim at liwanag nang umuwi siya. Sapagkat madadaanan ang bahay ng kumpare niyang si Tony bago ang kanilang bahay, nadaanan niya itong tila siya ang inaabangan.

"Nakita kasi kita kanina," bati nito. "'Kako, pagdaan mo na lang kita kakausapin."

"Tungkol ba sa panganganak ng asawa ko?"

Tumango ang kanyang kumpare.

"Galing nga ako ke Lolo Onyong," sabi niya. "Naengkanto nga raw si Adela, kaya nanganak ng ahas."

"Naniniwala ka talagang nanganak nga ng ahas ang 'yong asawa?"

"Oo," walang alinlangang sagot niya. "Nariyan ang ebidens'ya at saksi."

"Naniniwala kang naengkanto nga si Adela kaya nabuntis at nanganak ng ahas?"

"Ano ka ba, si Lolo Onyong na ang nagpatunay. Albularyo 'yon. At talaga namang nangyayari 'yon na may mga naeengkanto. Kahit ako nga, naranasan ko."

"Sa tingin mo ba mabubuhay ang ahas sa loob ng sinapupunan?"

"Naengkanto nga, e. Alam mo naman ang kapangyarihan ng mga engkanto, nagagawa nilang posible ang mga imposible."

"Nakausap mo na ba ang doktor na nag-*ultrasound* ke Adela?"

"Hindi," iling niya. "Bakit pa, e malinaw naman sa akin ang lahat."

"Payong kumpare lang, bakit hindi mo subukang kausapin ang doktor, alamin mo ang tunay na nangyari. Makiramdam ka."

"'Yon na nga ang nangyari, naengkanto si Adela," giit niya.

“Kausapin mo lang, baka mabago ang paniniwala mo.”

Napatingin siya nang tuwid kay Tony. Pilit niyang inaarok ang ibig tumbukin nito. Hindi niya ipinangako kay Tony na kakausapin niya ang doktor, pero habang pauwi siya, sumisingit iyon sa kanyang isip. Bakit ba hindi makumbinsi ito na naengkanto nga si Adela. Siguro, isa na rin si Tony na binago ng pag-iral ng mga makabagong teknolohiya. Nagbago na rin ang pananaw at paniniwala nito. Ang nagagawa nga naman ng teknolohiya, naisaloob niya.

“Kalat na pala sa Facebook ang nangyari sa asawa mo,” salubong sa kanya ng biyenan pagkauwi niya.

“Me nag-*upload* ba sa nakuha ninyong litrato?” tanong niya pagkatapos magmano.

“Baka ’yong kumare ko,” singit ng kanyang asawa.

Natigilan siya. Kung ganoon, pinagpipiyestahan na pala ng mga *netizen* ang nangyari sa kanyang asawa. Malamang na inuulan ito ng mga iba’t ibang komentaryo.

Nang gabing iyon, hirap siyang makatulog. Pumikit siya sa pag-asang makatulong ito para makatulog siya, pero nananatiling gising ang kanyang diwa. Parang nakikinita niya kung paanong naghirap ang kanyang asawa. Sa isang banda, nais niyang sisihin ang kanyang sarili. Marahil, hindi sana nangyari iyon sa kanyang asawa kung nakinig lamang siya rito. Kung hindi niya ito iniwan.

Pero ang higit na nagpapuyat sa kanya, ang pagbabagong pakikitungo ng kanilang mga kapitbahay. Pakiramdam niya, parang may ibig itong sabihin na pilit itinatago. Pero iisa lang naman ang kanyang hinala, ang tungkol marahil sa pagsilang ng ahas ng kanyang asawa.

Kahit naniniwala siyang naengkanto ang kanyang asawa, naroon pa rin, gumugulo, ang mga agam-agam. Lalo pa’t naramdaman din niya ang tila pagbabago ng kanyang asawa. At takot nga ba ang nababasa niya sa mga mata ng kanyang asawa? Ano ang ikinatakot nito?

Hanggang isang araw, naistorbo ang kanilang pamamahinga nang dumating ang tserman, kasama ang miyembro ng taga-TV.

“And’yan ba si Adela?” bungad ng tserman sa kanya. “Nandito kasi ang taga-TV. Gusto sana nilang mainterbyu ang ’yong asawa.”

“Tungkol sa’n?” tanong niya bagama’t alam na niya ang dahilan.

"Kalat na kasi ang balitang nanganak ng ahas ang 'yong asawa," ang isang babaeng taga-TV ang sumagot. "Itatampok ho sana namin sa aming programa sa sunod na linggo."

"Hindi ako magpapainterbyu," halos sabay silang napalingon nang lumabas ng bahay si Adela, mababakas sa mukha nito na tila hindi nagustuhan ang pagpunta ng taga-*media*.

"Ba't ayaw mo?" Nilapitan niya si Adela.

"Basta ayoko," iling nito. "Pagpip'yestahan lang nila ako."

"Hindi mo rin naman maitago dahil kalat na nga sa Facebook ang litrato."

"'Yon naman pala, bakit pa nila ako iinterbyuhin?"

"Me *human interest* ho kasi ang nangyari sa inyo, Ma'm," magalang na sabad ng babaeng taga-TV. "Para maiparating din natin sa mga manonood, na kahit sa panahon pala ng *information age*, me nangyayari pa palang gano'n."

"At ano naman ang mapapala ko?"

"Marami ho kasing nagko-*comment* na gawa-gawa n'yo lang daw ho 'yon," sabi ng babae. "Nang sa gano'n po, masabi ninyo ang inyong panig."

"Hindi!" mariing sabi ng kanyang asawa. "Kung ayaw nilang maniwala na nanganak nga ako ng ahas, hindi ko naman sila pinipilit. Hindi pa ba sapat ang litratong nakita nila. Basta hindi ako magpapainterbyu."

"P'wede naman hong hindi natin ipapakita ang 'yong mukha," pamimilit ng taga-TV. "Para maitago natin ang 'yong pagkatao."

"Kahit na," iling ng kanyang asawa.

"Pasens'ya na," paumanhin ni Rodel.

"Albularyo na lang ho siguro ang iinterbyuhin namin," pakli ng babaeng taga-TV. "Sa'n ho ba ang bahay ng albularyong nagpaanak sa inyo?"

"Kung p'wede lang, h'wag na rin n'yong interbyuhin ang Lolo Onyong ko," sansala ng kanyang asawa. Sa tono ng boses nito, naroon ang tinitimping galit. Bakit ba ganoon na lang ang pakikitungo ng kanyang asawa sa taga-*media*, ang mga tanong na gumugulo kay Rodel. "Ayaw n'ya ho ng gano'n. At gusto na rin ho namin ang katahimikan."

Nagkatingin na lamang ang mga miyembro ng taga-TV. Sinubukan pa nilang kumbinsihin ang kanyang asawa, sa tulong na rin ng tserman ngunit talagang matigas ang kanyang asawa. Pati siya, kinumbinsi ang asawa, ngunit nagalit lamang ito sa kanya.

Nagdagdag pa iyon sa mga katanungang gumugulo sa isipan ni Rodel nang sumunod na mga araw. Gayundin ang sinabi ni Tony. Bakit nga ba hindi niya subuking kausapin ang doktor. Araw-araw, hindi mapaknit iyon sa kanyang isipan. At kung kakausapin niya ang doktor, wala naman sigurong mawawala, naisip niya. Siyempre, aasahan na niyang magkakaiba ang ikukuwento nito kompara sa kanyang asawa at ni Lolo Onyong. Wala namang doktor at albularyo na nagkakasundo ng pananaw at paniniwala. Kadalasan, magkasalungat.

Kaya isang araw, bumisita siya sa doktor na ayon sa kanyang asawa, nag-*ultrasound* dito. Hindi na niya ipinaalam sa kanyang asawa. Dahil alam niya, hindi rin naman siya papayagan. Sasabihin nito, guguluhin lang niyon ang kanyang isip. Pero para malaman niya ang panig ng doktor, nabuo ang kanyang pasiya.

"Ako pala ang asawa ng napabalitang nanganak ng ahas, Dok," bungad niya sa babaeng doktor, pagkatapos masuri ang huling pasyente nito.

Matagal pa siyang tinitigan ng doktor bago siya pinaupo.

"Ahas ba talaga ang ipinagbuntis ng asawa ko, Dok?"

Iiling-iling ang doktor. "Kailanman, hindi mabubuhay o mabubuo ang ahas sa loob ng sinapupunan ng tao," sabi nito at may ipinakuha sa babaeng sekretarya.

"Hindi kaya pumasok lamang 'yon do'n, Dok?"

Muling umiling-iling ang doktor. "Hindi mangyayari 'yon. At isa pa, mararamdaman n'ya na masakit 'yon."

Inabot ng doktor ang ibinigay ng sekretarya.

"Eto ang kopya ng *ultrasound* ng asawa mo?" Ipinakita sa kanya.

Tiningnan niya kahit wala naman siyang naiintindihan doon.

"Nakikita mo ba ang maliit na bilog na 'yan?" Sa pamamagitan ng hawak na bolpen, itinuro iyon ng doktor.

"Oo," tango niya.

"Dugo 'yan na nagpapatunay na buntis ang 'yong asawa," sabi ng doktor. "At batay sa *result* ng *ultrasound*, 8 *weeks* na s'yang *pregnant* no'n."

Hindi siya umimik. Nananatiling nakatingin lamang sa *ultrasound*.

"Basta sigurado ako, hindi ahas ang laman n'yan," giit pa ng doktor. "Tulad ng kumakalat ngayon *social media*. Dahil unang-una, hindi marunong magsinungaling ang *ultrasound*."

Napatingin siya sa doktor. Magsinungaling! bumabalik-balik sa isipan iyon ni Rodel. At ano ang nais palabasin ng doktor na ito, natainong niya sa sarili. Bakit binigyan diin pa nito ang salitang magsinungaling, na parang may ibig sabihin. Nagsisinungaling ba ang kanyang asawa, maging ang albularyo at ang kanyang biyenan? Mali naman yata iyon. Una, asawa niya ito. Kailanman, hindi siya pagsisinungalingan ng kanyang asawa, sampu ng mga kapamilya nito. At sino ba ang doktor na ito para akusahan nito ang kanyang asawa ng nagsisinungaling sa kanya?

Hindi na niya sinabi sa doktor ang tungkol sa sinabi ni Lolo Onyong, na kahit ang doktor, kayang linlangin ng kapangyarihan ng engkanto. At siguro nga, nalinlang ng engkanto ang doktor na ito at kung anu-ano na ang nakikita nito.

Kawawang doktor, naisip niya. Walang kamalay-malay, nalinlang na rin pala ng engkanto.

Maayos naman siyang nagpaalam sa doktor. Pero nasabi niya sa sarili, hindi na siya babalik. Hindi na niya kailangan ang opinyon ng doktor na ito, kung ganoong aakusahan lang naman nitong nagsisinungaling ang kanyang asawa.

Sa kanyang pagbaba sa traysikel, sapagkat ang kanilang bahay ay nakaharap sa bukid, at dahil tag-araw at tuyong-tuyo ang bukirin, napatingin siya sa tatlong binata roon na pinaglalaruan ang isa pang binata. Kumuha ang isang matabang binata ng natuyong tae ng kalabaw at saka ipinatong iyon sa ulo ng nakatalikod na payat na binata. Sa kabiglaanan, napaigtad ang payat na binata, sabay kiling ng ulo at pagpag dahil sa naiwang mga tila nagpupulbos nang tae ng kalabaw.

"'Tang ina n'yo, a," sabi pa ng payat na binata, pero hindi naman galit.

Hagalpakan ang tatlong binata habang nakatingin sa kanya. Nakitawa rin siya, pero parang tawa ng isang bata na galing sa pagkakadapa. Walang buhay.

"Ano, pinuntahan mo ba ang doktor?" bati sa kanya ni Tony nang maparaan siya sa tapat ng bahay nito.

Huminto siya. "Oo," tango niya.

"Anong sabi?"

"Base daw sa *ultrasound* n'ya, 8 *weeks* daw na buntis si Adela."

Napatingin nang tuwid sa kanya si Tony, tila tinitimbang ang kanyang reaksiyon.

“Naawa nga sa doktor na ’yon,” patuloy niya. “Walang kamalay-malay, nalinlang na pala ng engkanto.”

“Anong ibig mong sabihin?”

“’Yon nga, no’ng tawasin kasi ni Lolo Onyong si Adela, hindi naman daw tao ang ipinagbuntis ni Adela, kundi ahas. Nilinlang lang ang doktor ng engkanto. Pinaniwala ng engkanto ang doktor na tao ang ipinagbuntis ni Adela.”

“Hindi kita maintindihan, Rodel.”

“Ano ka ba, sa simpleng paliwanag, naengkanto nga si Adela. At totoo naman talagang nabuntis s’ya, tulad ng sinabi ng doktor, pero hindi kasi n’ya alam, ahas ang laman no’n. Hindi lang daw n’ya nakita sa *ultrasound* kasi nga ginamitan ng kapangyarihan ng engkanto.”

“Anong sagot n’ya?”

“Hindi ko na sinabi na nilinlang s’ya ng engkanto, kasi hindi rin maniniwala ’yon.”

Iiling-iiling si Tony. “Pare, ayaw kong magsalita, pero ang sa akin lang, makiramdam ka, magmatyag,” tila naiinis na paalala ng kanyang kumpare. “Doktor na ang nagsabi sa ’yo na nabuntis na ’yong asawa. Anong ibig mong sabihin, mas marunong magsinungaling ang *ultrasound* kaysa tao? Mag-isip ka nga.”

Napatingin siya nang tuwid kay Tony. Pati ba naman ikaw, ibig niyang sumbatan ang kanyang kumpare, aakusahang nagsisinungaling ang aking asawa at si Lolo Onyong, maging ang aking biyenan?

“Pare, hindi mo ba alam, pinagtsitsismisan na ng buong baryo ang pagbubuntis ng asawa mo?” mariing sabi ni Tony.

“Natural,” hilaw siyang napangiti. “Magkaanak ka ba naman ng ahas, hindi ka ba pag-uusapan no’n.”

Nahalata niyang tila nainis sa kanya si Tony nang maghiwalay sila. Pero naunawaan niya si Tony, na marahil nga, isa na rin ito sa binago ng pag-iral ng makabagong teknolohiya. At hindi na naniniwala sa mga kababalaghang gawa ng mga engkanto.

Pero hindi kaila kay Rodel na laging laman ng usap-usapan ang asawa niya. Patuloy na bumubuntot sa kanya ang mga tsismis na iyon araw-araw. Harap-harapan na niyang naririnig, mula sa ilang kaibigan, lalo na kapag nag-iinuman sila.

“Ikaw na ’ata ang pinakatangang taong nakilala ko,” napipikang sabi ng isa niyang kaibigan, nang mag-inuman sila, kasama ang kumpare niyang Tony. “At ang ikinaiinis ko, kaibigan ko pa.”

“Lasing ka na ’ata, P’re,” sabi niya. “Kung ano-ano na ang pinagsasabi mo.”

“Alam mo bang awang-awa na kami ni Pareng Tony sa ’yo,” giit pa nito. “At sa isang banda, naiinis din dahil ang tanga-tanga mo.”

“Hindi n’yo ba naiintindihan, naengkanto nga ang asawa ko. At nariyan ang ebidens’ya at *witness* pa ang albularyo, kasama ang biyenan ko.” Gusto na ring mapika ni Rodel sa dalawa.

“Ewan ko sa ’yo,” tuluyan nang napika ang kanyang kababata at kaibigan. Sa inis marahil, bigla nitong tinungga ang baso ng alak, at pabagsak na inilapag ang baso. “Kung ayaw mong maniwala sa ’min, bahala ka.”

Hindi naging maayos ang pagtatapos ng kanilang inuman.

Ang sumunod pang mga araw ay lalong ginugulo si Rodel ng mga tsismis tungkol sa kanyang asawa. Naroong tahasang pinariringgan siya, hindi lamang sa inuman kundi maging sa kanyang paglalakad. Kung naging mahina-hina lamang ang kanyang pagtitiwala sa kanyang asawa, marahil, marami na siyang nakaaway. Pero dahil malaki ang kanyang tiwala, inuunawa na lamang niya ang mga kumakalat na tsismis. Na marahil, wala lang sigurong magawa sa buhay ang mga ito. O, baka naman may lihim na naiinggit sa pagsasama nila at pilit silang sinisiraan.

Gayumpaman, may mga gabing hindi siya pinatutulog ng mga bagay na iyon. Higit siyang naaawa sa kanyang asawa. Na walang kamalay-malay, naging sentro ng mga makakating dila sa kanilang lugar.

“Hindi ko na matiis ang tsismis na kumakalat dito tungkol sa ’yo, ang pagbuntis mo at pagsilang ng ahas,” sabi niya habang magkatabing nakahiga sila isang gabi. Kapuwa nakatutok ang kanilang mga tingin sa bubungan.

“Sabi ko naman sa ’yo, h’wag mong pansinin ang mga tsismis,” bakas ang pagkainis sa boses ng kanyang asawa. “Wala lang siguro magawa ang mga ’yon, gusto lang manira ng kapuwa.”

“’Yon na nga,” untag niya. “Pero hindi naman p’wedeng mamuhay tayo nang walang katahimikan.”

“Ano’ng plano mo?”

“Balak kung lumayo tayo.”

Napatingin ito sa kanya.

"Balak kong isama ka sa Maynila," patuloy niya habang nakapako pa rin ang tingin sa bubungan. "Mas okey ro'n, malayo tayo sa mga tsismis. Walang manggugulo sa 'tin."

"Sa'n tayo titira?"

"Pansamantala, sa baraks ka muna. Hangga't hindi pa ako nakakahanap ng k'wartong mauupahan natin."

Katahimikan.

Maya-maya, tumagilid ang kanyang asawa, paharap sa kanya. Matagal na nakapako ang tingin nito sa kanya. Tinatantiya marahil ang kanyang naging desisyon. At nang matiyak marahil nito na buong-buo na nga ang kanyang pasiya, yumakap ito sa kanya, mahigpit, isinubsob ang mukha nito sa kanyang dibdib, at sinundan ng sunod-sunod na pagyugyog ng balikat nito.